

Mga Serbisyo at Benepisyo

May iba't ibang available na pagpipilian sa pondo mula sa iba't ibang antas ng pamahalaan at pribadong samahan. Available ang mga ito sa mga pamilyang may mga anak na may mga espesyal na pangangailangan, mula sa mga pangangailangan sa suporta sa paglaki hanggang sa mga pangangailangang pisikal at para sa transportasyon. Ang pangkalahatang layunin ng programang nagbibigay ng pondo ay tumbasan sa mga pamilya ang mga gastusin, serbisyo, o device na nauugnay sa kapansanan ng kanilang anak o magbigay ng tulong na pinansyal para sa mga ito, at ibukod ang mga pamilya sa pagbabayad ng buwis.

Tandaan: Batay sa kita ng pamilya ang ilan sa mga sumusunod na pagpipilian sa pondo. Isaalang-alang ang pag-a-apply para sa lahat ng pagpipilian sa pondo anuman ang iyong kita, dahil marami sa mga aplikasyong ito ang tumatagal nang ilang buwan bago maproseso at maaaring magbago ang sitwasyong pinansyal ng iyong pamilya kapag dumating ang panahong opisyal nang sinusuri ang iyong mga aplikasyon.

Pondong available sa pamamagitan ng Pamahalaan ng Canada:

1. Disability Tax Credit
2. Child Disability Benefit
3. Registered Disability Savings Plan
4. Canada Child Tax Benefit
5. Universal Child Care Benefit

Pondong available sa pamamagitan ng Pamahalaan ng Ontario:

1. Assistance for Child with Severe Disabilities
2. Special Services at Home Program
3. Assistive Devices Program
4. Easter Seals Society Ontario
5. Children in Need of Dental Treatment
6. Ontario Child Benefit

Mga Kahaliling Pagmumulan ng Pondo at Samahang Mapagkawang-gawa

1. A World of Dreams
2. Children First
3. Jennifer Ashleigh Foundation
4. President's Choice Childrens Charity

Pondo mula sa Pamahalaan ng Canada:

Disability Tax Credit (DTC)

Ano ang Pondo?

Iniaalok ng Revenue Canada ang Disability Tax Credit para sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang benepisyo sa kapansanan ay hindi nare-refund na kredito sa buwis na ginagamit upang bawasan ang buwis sa kita na babayaran sa iyong return. Kasama sa halagang ito ang karagdagan para sa mga taong wala pang 18 sa katapusan ng taon.

Kung karapat-dapat para sa benepisyo sa kapansanan ang isang batang wala pang 18, karapat-dapat din ang batang iyon para sa **Child Disability Benefit**, isang halagang available sa ilalim ng Canada Child Tax Benefit. Tumingin sa ibaba para sa higit pang mga detalye.

Sino ang Karapat-dapat?

Nililimitahan ang Disability Tax Credit sa mga indibidwal na may malubha at matagal na kapansanan sa mga paggana ng pag-iisip o pisikal na paggana. Nalalapat dapat ang **isa** sa mga sumusunod:

- Bulag ang indibidwal, kahit gumamit ng mga corrective lens o gamot;
- Malinaw na nahihirapan ang indibidwal na magsagawa ng karaniwang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay;
- Talagang nahihirapan ang indibidwal na magsagawa ng dalawa o higit pang mga karaniwang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay, at katumbas ng pinagsama-samang epekto ng mga kahirapang ito ay ang kawalan ng kakayahang gumawa ng isang karaniwang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay;
- Dapay maglaan ang indibidwal ng partikular na tagal ng panahon para lang sa therapy na nakakapagpahaba ng buhay, ngunit hindi kasama rito ang mga device na naka-implant o mga espesyal na programa ng diyeta, ehersisyo, kalinisan, o panggagamot.

Paano Ako Mag-a-apply?

Magsimula sa pamamagitan ng pagpunan sa Form ng Disability Tax Credit na **T2201**. Makukuha ang form sa pamamagitan ng Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Buwis sa iyong lugar o sa website ng Canada Customs and Revenue.

Tandaan na ang **Bahagi B** ng form ay kinakailangang punan ng isang manggagawang pangkalusugan. Nagbibigay-daan ang seksyong ito sa manggagawang pangkalusugan na magbigay ng mga detalye tungkol sa kapansanan ng tao.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Buwis sa iyong lugar o bisitahin ang web site ng Canada Customs and Revenue: www.cra-arc.gc.ca □ Maaari ka ring tumawag sa **1-800-959-2221** para sa impormasyon at /o mga aplikasyon.

Child Disability Benefit (CDB)

Ano ang Pondo?

Ang Child Disability Benefit ay isang benepisyong walang buwis na hanggang \$2,504 bawat taon (\$208.66 bawat buwan) para sa mga pamilyang nag-aalaga ng batang wala pang 18 taon na may malubha at matagal na kapansanan sa mga paggana ng pag-iisip o pisikal na paggana.

Kinakalkula ang halaga ng CDB ayon sa iyong batayang kita. Buwanang ibinibigay ang CDB sa mga indibidwal na karapat-dapat para sa **Canada Child Tax Benefit (CCTB)**. (Tumingin sa ibaba para sa higit pang mga detalye tungkol sa Canada Child Tax Benefit)

Sino ang Karapat-dapat?

Matatanggap lang ng mga pamilyang karapat-dapat sa Canada Child Tax Benefit para sa isang bata ang CBD kung naging kwalipikado **rin** ang bata para sa Disability Tax Credit.

Hindi lahat ng batang may mga kapansanan ay magiging kwalipikado para sa benepisyong ito. Ang mga bata lang na may mga **malubha at matagal** na kapansanan. Tingnan ang sheet ng impormasyon ng **Certificate ng Disability Tax Credit** upang suriin ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

Paano Ako Mag-a-apply?

Magsimula sa pamamagitan ng pagpunan sa **Form T2201**, ang

Certificate ng Disability Tax Credit.

Dapat mong punan ang form na ito at palagdaan sa isang kwalipikadong manggagawang pangkalusugan (hal., medikal na doktor, pathologist ng pananalita at wika). Ipadala ang napunan at nilagdaang form sa iyong center ng buwis.

Tutukuyin ng Canada Revenue Agency (CRA) kung karapat-dapat ka o hindi na matanggap ang child disability benefit. Pinoproseso ng CRA ang mga form sa kabuuan ng taon, kung kaya't hindi mo kailangang maghintay hanggang sa panahon na upang i-file ang iyong tax return bago isumite ang iyong form.

Dapat ka ring mag-apply para sa **Canada Child Tax Benefit**, kung hindi mo pa ito nagagawa.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Buwis sa iyong lugar o bisitahin ang web site ng Canada Customs and Revenue: www.cra-arc.gc.ca □ Maaari ka ring tumawag sa **1-800-959-2221** para sa impormasyon at /o mga aplikasyon.

Registered Disability Savings Plan (RDSP)

Ano ang Pondo?

Ang RDSP ay isang pangmatagalang plan ng pag-iipon na makakatulong sa mga Canadian na may mga kapansanan at sa kanilang mga pamilya na mag-iipon para sa hinaharap. Ang “makikinabang” sa RDSP ay ang taong makakatanggap ng pera sa hinaharap. Upang tulungan kang mag-iipon, nagbabayad ang pamahalaan ng tumutugmang grant na hanggang \$3,500, depende sa halagang naibigay at sa kita ng iyong pamilya. Nagbabayad din ang pamahalaan ng bond na hanggang \$1,000 bawat taon sa mga RDSP ng mga Canadian na maliit ang kita at katamtaman ang kita.

Sino ang Karapat-dapat?

Dapat mong isaalang-alang ang pagbubukas ng Registered Disability Savings Plan (RDSP) kung mayroon kang pangmatagalang kapansanan at

- wala pang edad 60,
- isang residente ng Canada na may [Social Insurance Number \(SIN\)](#),
- karapat-dapat para sa Disability Tax Credit ([Benepisyo sa Kapansanan](#)) at
- naghahanap ng pangmatagalang plan ng pag-iipon.

Paano Ako Mag-a-apply?

Mag-apply sa pamamagitan ng mga samahang pinansyal(mga bangko) na nag-aalok ng Registered Disability Savings Plan (RDSP), grant at bond.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Buwis sa iyong lugar o bisitahin ang web site ng Canada Customs and Revenue:

www.cra-arc.gc.ca

Canada Child Tax Benefit (CCTB)

Ano ang Pondo?

Ang Canada Child Tax Benefit (CCTB) ay isang buwanang pagbabayad na walang buwis na ibinibigay sa mga karapat-dapat na pamilya upang tulungan sila sa gastos ng pagpapalaki ng mga batang wala pang 18 taon.

Maaaring kasama sa CCTB ang Child Disability Benefit (CDB), isang buwanang benepisyo na nagbibigay ng tulong pinansyal para sa mga kwalipikadong pamilyang nag-aalaga ng mga batang may malubha at

matagal na mga kapansanan sa pag-iisip o pisikal na kapansanan.

Kasama rin sa CCTB ang National Child Benefit Supplement (NCBS), isang buwanang benepisyo para sa mga pamilyang maliit ang kita na may mga bata. Ang NCBS ay ang ambag ng Pamahalaan ng Canada sa National Child Benefit, isang magkasamang panimula ng pederal, probinsyal, at teritoryal na mga pamahalaan, at ng Mga First Nation.

Sino ang Karapat-dapat?

Upang makuha ang CCTB, dapat mong matugunan ang **lahat** ng sumusunod na kundisyon:

- naninirahan ka dapat kasama ng bata, at dapat ay wala pang 18 taon ang bata;
- ikaw dapat ang taong may pangunahing pananagutan para sa pag-aalaga at pagpapalaki sa bata;
- residente ka dapat ng Canada;
- ikaw o ang iyong asawa o kinakasama ay dapat na mamamayan ng Canada, permanenteng residente, pinoprotektahang tao, o pansamantalang residente na naninirahan sa Canada sa nakalipas na 18 buwan.

Paano Ako Mag-a-apply?

Sa pangkalahatan, dapat kang mag-apply para sa CCTB sa lalong madaling panahon pagkatapos:

- isilang ang iyong anak;
- magsimulang tumira kasama mo ang isang bata;
- mong maging residente ng Canada.

Kahit na sa palagay mo ay hindi ka na magiging kwalipikado para sa CCTB dahil tumaas ang net income ng iyong pamilya, dapat ka pa ring mag-apply. Kinakalkulang muli ng tanggapan ng Serbisyo ng Buwis ang iyong karapatang matanggap ito tuwing Hulyo batay sa net income ng iyong pamilya para sa nakaraang taon.

Upang mag-apply para sa CCTB, punan ang **Form RC66, Aplikasyon sa Canada Child Tax Benefit**

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Buwis sa iyong lugar o bisitahin ang web site ng Canada Customs and Revenue:

www.cra-arc.gc.ca

Maaari ka ring tumawag sa **1-800-959-2221** para sa impormasyon at/o mga aplikasyon.

Universal Child Care Benefit (UCCB)

Ano ang Pondo?

Makakatulong ang Universal Child Care Benefit sa mga pamilya na balansehin ang trabaho at pamilya sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang mga piniling pangangalaga sa bata sa pamamagitan ng tulong pinansyal. □ Ang benepisyong ito na \$100 bawat buwan — hanggang \$1,200 bawat taon bawat bata — ay ibinibigay sa mga magulang para sa lahat ng batang wala pang anim na taong gulang. Direktang ibinibigay sa mga magulang ang mga pagbabayad nang sa gayon ay mapili nila ang pangangalaga sa bata na pinakamainam para sa kanilang mga anak at sa mga pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ang Universal Child Care Benefit ay pandagdag sa mga umiiral na programang pederal, gaya ng Canada Child Tax Benefit, National Child Benefit Supplement at Child Care Expense Deduction. Hindi nakakaapekto ang bagong benepisyong ito sa mga benepisyong natatanggap ng mga pamilya sa ilalim ng mga programang ito.

Ang tanging pagbubukod ay isinama na ang suplemento ng Canada Child Tax Benefit sa bagong Universal Child Care Benefit, isang maliit na buwanang halagang dating natatanggap ng ilang pamilya.

Sino ang Karapat-dapat?

Karapat-dapat ang lahat ng pamilyang Canadian na may mga anak na wala pang anim na taon, anuman ang kita o uri ng pangangalaga sa bata na pinili nila. □ Maaaring magpataw ng buwis sa benepisyong ito kapag ibinigay sa asawang may mas maliit na kita.

Paano Ako Mag-a-apply?

Pinoproseso ang pagpapatala para sa Universal Child Care Benefit sa pamamagitan ng aplikasyon sa Canada Child Tax Benefit (CCTB). Kung tumatanggap ka na ng Canada Child Tax Benefit, hindi mo na kailangang mag-apply para sa Universal Child Care Benefit. Kung kasalukuyan kang hindi tumatanggap ng Canada Child Tax Benefit, makakapagpatala ka sa pamamagitan ng pagsusumite ng napunang aplikasyon sa Canada Child Tax Benefit.

Available ang mga form ng aplikasyon sa website ng Canada Revenue Agency sa www.cra-arc.gc.ca

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano makakatanggap ng Universal Child Care Benefit, bisitahin ang web site ng Canada Revenue Agency sa www.cra.gc.ca/uccb o tumawag nang toll-free sa **1-800-387-1193** o TTY sa **1-800-665-0354**.

Pondo ng Pamahalaan ng Ontario:

Ontario Child Benefit

Ang Ontario Child Benefit ay isang buwanang benepisyong sinubok batay sa kita na walang buwis na ibinibigay sa mga pamilyang may

maliit hanggang katamtamang kita na may mga anak na wala pang 18 taong gulang. Ibinibigay ito sa lahat ng karapat-dapat na recipient, nagtatrabaho man sila o hindi.

Sino ang Karapat-dapat?

Depende sa kita ng iyong pamilya, maaari kang maging kwalipikado kung ikaw ay:

- ang pangunahing caregiver ng batang wala pang 18 taong gulang
- isang residente ng Ontario
- naghain ng iyong [2010 personal na income tax return](#) – at naghain din ang iyong asawa o kinakasama, kasal man kayo o nagsasama
- nagparehistro ng iyong anak para sa pederal na [Canada Child Tax Benefit](#)

Paano Ako Mag-a-apply?

Kung karapat-dapat ka, isasama ang Ontario Child Benefit sa iyong mga buwanang pagbabayad ng Canada Child Tax Benefit at National Child Benefit Supplement.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Para sa tukoy na impormasyon tungkol sa iyong pagbabayad, makipag-ugnayan sa Canada Revenue Agency nang toll-free sa **1-800-387-1193**

Assistance for Children with Severe Disabilities (ACSD)

Ano ang Pondo?

Tumutulong ang ACSD sa mga magulang na mabayaran ang ilang dagdag na gastos sa pag-aalaga para sa batang may kapansanan.

Upang maging kwalipikado para sa programang ito, dapat matugunan ang mga pinansyal at medikal na pamantayan.

Ang tulong pinansyal ay mula \$ 25 hanggang \$430 bawat buwan, depende sa kabuuang taunang kita ng pamilya at sa bilang ng iba pang bata sa pamilya. Karapat-dapat din ang bata para sa dental card (pangunahing saklaw sa ngipin), at drug card para sa mga inireresetang gamot.

Bilang karagdagan, matutulungan ng programa ang mga magulang sa napakalaking gastos na nauugnay sa kundisyon ng bata (hal., pagbibiyaha papunta sa mga doktor at ospital, mga espesyal na sapatos at damit, pahinga para sa magulang, mga pag-aayos ng wheelchair, baterya ng hearing aid, at tulong pinansyal para sa pangunahing pangangalaga sa ngipin, mga gamot, salamin sa mata at hearing aid).

Sino ang Karapat-dapat?

Dapat ay wala pang 18 taong gulang ang bata at naninirahan sa bahay kasama ang isang magulang o legal na tagapag-alaga. Susuriin ang kita ng pamilya upang tukuyin ang kwalipikasyon. Dapat ay may malubhang kapansanan ang bata na nagreresulta sa kawalan ng kakayahang kumilos. Dapat ay may napakalaking gastos na direktang naipon bilang resulta ng kapansanan.

Paano Ako Mag-a-apply?

Kumuha ng form ng aplikasyon mula sa pinakamalapit na Pangrehiyong Tanggapan ng Ministry of Children and Youth Services (MCYS).

Susuriin ng isang Special Agreements Officer (SAO) ang iyong aplikasyon at makikipag-ugnayan sa iyo kung kailangan pa ng karagdagang impormasyon. Kung ito ang unang beses na mag-a-apply ang pamilya, magsasagawa ang SAO ng pagbisita sa bahay upang makilala ang anak at pamilya at susuriin ang impormasyon sa aplikasyon.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa Pangrehiyong Tanggapan ng Ministry of Children and Youth Services sa iyong lugar. Nakalista ang mga lokal na tanggapan sa mga asul na pahina ng aklat ng telepono. □ Bisitahin ang website ng Ministry of Children and Youth Services sa www.children.gov.on.ca

Special Services at Home (SSAH)

Ano ang Pondo?

Tinutulungan ng programang Special Services at Home (SSAH) ang mga batang may mga kapansanan sa paglaki o pisikal na kapansanan at ang mga adultong may kapansanan sa paglaki na makatira sa bahay kasama ang kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondong may limitasyon sa oras upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan. Gamit ang pondong ito, makakabili ng mga suporta at serbisyo ang mga pamilya, na sa karaniwan ay hindi nila naibibigay sa kanilang mga sarili at hindi available sa ibang lugar sa komunidad.

May mga natatanging sitwasyon ang bawat pamilya. Kakailanganin mong ilarawan ang mga pangangailangan ng iyong pamilya, magtakda ng sarili mong mga layunin at isaad ang uri ng tulong na kailangan mo.

Sino ang Karapat-dapat?

Maaaring mag-apply para sa perang ito ang mga adulto at batang may kapansanan sa paglaki o ang mga batang may pisikal na kapansanan (o ang kanilang mga pamilya) kung sila ay:

- nakatira sa Ontario
- nangangailangan ng higit na suporta maliban sa maibibigay ng kanilang pamilya

- nakatira sa bahay kasama ang pamilya, o
- kung hindi nakatira sa bahay kasama ang kanilang pamilya, hindi tinutulungan ng iba pang mga serbisyo para sa residente na pinopondohan ng ministry.

Paano Ako Mag-a-apply?

Ang lahat ay kakailanganing magsumite ng form ng aplikasyon bawat taon. Ngunit hindi mo kakailanganin punan ang isang **buong** form ng aplikasyon bawat taon. □Kakailanganin mong punan ang isang **buong** form ng aplikasyon na Special Services at Home kung:

- ito ang unang beses na mag-a-apply ka
- nagbago na ang iyong sitwasyon simula noong huli mong aplikasyon
- humihingi ka ng mas maliit o mas malaking pera kaysa sa hiningi mo noong huli mong aplikasyon, o
- tatlong taon na ang lumipas simula noong huli kang nag-apply.

Kung naaprubahan ka para sa pondo, maaari kang gumamit ng **naka-streamline** na aplikasyon upang mag-apply para sa programa sa susunod na dalawang taon.

I-download ang form ng aplikasyon ng Special Services at Home sa www.mcass.gov.on.ca

Kakailanganin mo rin ng medikal na pahayag o pagtatasa sa pag-iisip na malinaw na nagkukumpirma sa diagnosis sa kapansanan ng iyong anak. Mahalaga na isaad ng dokumentong ito ang katangian ng kapansanan at na sumusuporta ito sa iyong kahilingan para sa serbisyo.

Maaaring ilakip ang pahayag na ito sa iyong aplikasyon, o maaari itong direktang ipadala sa Ministry of Children and Youth Services ng propesyonal na nagbibigay ng medikal na pahayag o pagtatasa.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa pangrehiyong tanggapan ng Ministry of Community and Social Services na pinakamalapit sa iyo.

Assistive Devices Program (ADP)

Ano ang Pondo?

Pinamamahalaan ang Assistive Devices Program ng Sangay ng Operational Support ng Ministry of Health and Long-Term Care ng Ontario. Layunin ng ADP na pinansyal na tulungan ang mga residente ng Ontario na may mga pangmatagalang pisikal na kapansanan na makakuha ng pangunahin, may sulit na presyo, at na-personalize na mga pantulong na device na naaangkop para sa mga pangangailangan ng indibidwal at mahalaga para sa pamumuhay nang nakapag-iisa. Ang mga device na saklaw ng programa ay nilayong magbigay sa mga tao ng higit na kalayaan at kontrol sa kanilang mga buhay. Maaaring silang bigyang-daan ng mga itong makaiwas sa mga institusyong malaki ang gastos at manatili sa paninirahan sa komunidad.

Sinasaklawan ng ADP ang 75% ng halaga ng ilang kagamitan sa therapy, hanggang sa maximum na paunang itinakda. Pananagutan ng pamilya ang natitirang 25%. Makakatulong ang ilang karagdang mapagkukunan sa pagbibigay ng tulong. (hal. ACSD, Ontario Works, Easter Seals Society).

Kapag nangangailangan ng tulong ang pamilya upang mabayaran ang natitirang 25% na ito, o kapag hindi sinasaklawan ng ADP ang kagamitan, maaaring may mga karagdang mapagkukunan na makapagbibigay ng tulong (hal. ACSD, Ontario Works, Easter Seals Society).

Sino ang Karapat-dapat?

Karapat-dapat ang sinumang residente ng Ontario na mayroong wastong Ontario Health Card at may pisikal na kapansanan sa loob ng anim na buwan o mas matagal. Hindi maaaring para lang sa sports, trabaho o paaralan hilingin ang mga kagamitan.

Hindi kasali sa ADP ang mga residenteng may pangunahing diagnosis ng kapansanan sa pagkatuto o pag-iisip, gayundin ang mga iyon na tumatanggap ng Workers' Compensation. □ May mga tukoy na pamantayan sa pagiging karapat-dapat na nailalapat sa bawat kategorya ng device. Ang paunang pag-access ay kadalasang sa pamamagitan ng medikal na espesyalista o pangkalahatang manggagamot na nagbibigay ng diagnosis.

Paano Ako Mag-a-apply?

Proseso ng pag-refer sa pamamagitan ng clinical prescriber (ang iyong nakarehistrong occupational therapist o physiotherapist ng ADP).

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Ministry of Health ng Ontario sa www.health.gov.on.ca

Easter Seals Society Ontario

Ano ang Pondo?

Nagbibigay ng **Pondo sa Kagamitan** para sa mga gastos na hindi sinasaklawan ng ADP, mga mapagkukunan ng pamilya at pribadong insurance.

Nagbibigay ng **Pondo para sa Kawalan ng Kakayahang Pigilin ang Pag-ihi** (iyon ay mga diaper, catheter, at supply ng enema) para sa mga bata at kabataang may mga espesyal na pangangailangan na may edad 3-18, na may mga problema sa kawalan ng kakayahang pigilin ang pag-ihi na hindi na gumagaling.

Pupunan ng iyong doktor ang form ng aplikasyon

Nagbibigay ng hanggang \$3,000/taon/client para sa kagamitan, mga

pagkain, at matutuluyan. May pananagutan ang mga magulang para sa pagbabayad sa unang \$50 depende sa pinansyal na sitwasyon ng kanilang pamilya

Sino ang Karapat-dapat?

Karapat-dapat ang mga residente ng Ontario na may edad 3-18 taon na may wastong Ontario Health Card na nakatira sa bahay o sa isang group home. Dapat ay may hindi gumagaling na kapansanan ang bata na nagreresulta sa mga problema sa kawalan ng kakayahang pigilin ang pag-ihi na hindi gumagaling. Magaganap bawat 2 taon ang pagsusuri sa pagiging karapat-dapat.

Paano Ako Mag-a-apply?

Maaaring makakuha ng mga form sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Easter Seals Society.

Dapat patunayan ng may lisensyang medikal na doktor ng iyong anak sa Ontario na may hindi gumagaling na kapansanan ang iyong anak na nangangailangan ng patuloy na paggamit ng mga supply para sa kawalan ng kakayahang pigilin ang pag-ihi at natutugunan ang mga pamantayan sa edad. Dapat isumite sa pamamagitan ng mail ang mga form ng aplikasyon. Hindi tinatanggap ang mga fax o photocopy ng aplikasyon.

Maaaring mag-apply at maging kwalipikado ang pamilya para sa isa sa dalawang grant:

- **Antas A:** \$400 bawat taon para sa mga batang may edad 3-5 taon na gumagamit ng mga diaper at/o catheter at/o damit na nasusuot muli, mga bata/kabataan na may edad 6-18 na gumagamit ng mga intermittent na catheter, indwelling catheter at/o damit na nasusuot muli at liner, o
- **Antas B:** \$900 bawat taon para sa mga bata at kabataan na may edad 6-18 taon na gumagamit ng mga diaper o para sa mga gumagamit ng mga panlabas na catheter na panlalaki.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Makipag-ugnayan sa programa ng Grant sa Mga Supply para sa Kawalan ng Kakayahang Pigilin ang Pag-ihing para sa mga bata at kabataan na may mga kapansanan sa Toronto: **416-421-8377 ext 314**, o toll-free: **1-888-377-5437** (1-888-ESS-KIDS)

Ang Easter Seal Society – Programa ng Mga Supply para sa Kawalan ng Kakayahang Pigilin ang Pag-ihing para sa Mga Bata at Kabataan na may Mga Kapansanan, 1185 Eglinton Avenue East, Suite 706 □ Toronto, Ontario M3C 3C6

Children in Need of Dental Treatment (CINOT)

Ano ang Pondo?

Ang probinsya at munisipalidad kung saan nakatira ang bata ay naghahati sa gastos sa programang CINOT. Ipinakilala ito upang magbigay ng "safety net" sa pampublikong kalusugan para sa mga bata na may mga kundisyon sa ngipin na nangangailangan ng agarang pangangalaga. Nagbibigay ang programang CINOT ng pangunahing antas ng pangangalaga sa ngipin sa mga karapat-dapat na bata. Minsan, hindi masasaklawan ng CINOT ang lahat ng serbisyong inirerekomenda ng dentista (hal., mga brace upang pagpantayin ang mga ngipin). Samakatuwid, mahalagang kumonsulta ang mga magulang sa kanilang dentista upang matukoy kung may anumang mga serbisyong **HINDI** saklaw bago sumailalim ang kanilang anak sa pangagamot. Nakakatanggap ang lahat ng dentista ng kopya ng Iskedyul ng Mga Serbisyo at Bayarin para sa Ngipin ng CINOT, kaya makikita nila kung ano ang saklaw. Kung kailangan nila ng paglilinaw, maaari silang tumawag sa lokal na unit ng pampublikong kalusugan.

Sino ang Karapat-dapat?

1. **Edad** – Mga batang 17 taong gulang o mas bata

2. **Mga Kundisyon ng Ngipin** – Mga batang natukoy na may mga kundisyon ng ngipin na nangangailangan ng pang-emergency o mahalagang pangangalaga.
3. **Access** – Mga batang walang access sa insurance sa ngipin o anumang iba pang programa ng pamahalaan (hal. Federal Refugee Program, Ontario Works, Ontario Disability Support Program, o iba pa) at ang magulang na lumagda sa nakasulat na pahayag na ang gastos sa kinakailangang paggamot sa ngipin ay magreresulta sa kagipitan sa pera. Pakitandaang maaaring hilingin sa mga magulang na magbigay ng katibayan ng kagipitan sa pera.
4. **Pagiging Residente ng Ontario** – Dapat ay mga residente ng Ontario ang mga bata at may wastong Ontario Health Card number.

Paano Ako Mag-a-apply?

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng Pampublikong Kalusugan sa iyong lugar upang magtakda ng appointment para sa pagsusuri para sa CINOT upang matukoy kung kwalipikado ang bata o para sa higit pang impormasyon. □ Dapat ay natukoy na karapat-dapat ang bata para sa saklaw ng CINOT at may ibibigay na naaangkop na form na nilagdaan BAGO ibigay ang pangangalaga sa ngipin.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Dapat makipag-ugnayan ang mga magulang sa tanggapan ng Pampublikong Kalusugan sa kanilang lugar bago bumisita sa dentista.

Mga Kahaliling Pagmumulan ng Pondo at Samahang Mapagkawang-gawa

A World of Dreams

Ano ang Pondo?

Tinutupad ng World of Dreams Foundation ang mga pangarap ng mga bata na nasa hanggang edad na 18 na may taning, malubha, o hindi gumagaling na kundisyon (kabilang ang autism).

Paano Ako Mag-a-apply?

Dapat makipag-ugnayan ang mga magulang/legal na tagapag-alaga sa Foundation upang gumawa ng kahilingan. □ Dapat kumpirmahin ng isang doktor ang diagnosis.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Bisitahin ang website ng World of Dreams sa www.awdreams.com

Children First

Ano ang Pondo?

Nag-aalok ang Children First ng mga grant ng tulong sa matrikula, nang sa gayon ay makapili ng independent na paaralang elementarya ang mga magulang na walang kakayahang bayaran ito. □ Nagkakahalaga ng 50% ng matrikula ang mga grant ng Children First, hanggang sa taunang maximum na \$4,000.

Sino ang Karapat-dapat?

Maaaring magsumite ng mga aplikasyon para sa mga batang papasok ng Junior Kindergarten hanggang baitang 8. Nakatira dapat sa Ontario ang mga aplikante. □ Pakitandaang batay sa kita ng sambahayan ang mga grant ng tulong.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang

Impormasyon?

Bisitahin ang website ng Children First sa www.childrenfirstgrants.ca

Jennifer Ashleigh Foundation

Ano ang Pondo?

Nagbibigay ang Jennifer Ashleigh Children's Charity ng tulong pinansyal para sa:

- Respite
- Pang-emergency na tulong pinansyal
- Espesyal na iniangkop na kagamitan at software ng computer
- Mga programa, materyal, tagubilin na pang-edukasyon
- Libangang nagsusulong ng pakikipag-ugnayan ng bata sa komunidad

Sino ang Karapat-dapat?

Tinutulungan ng Jennifer Ashleigh Children's Charity ang mga batang may malubhang sakit, may permanenteng kapansanan, 21 taong gulang o mas bata at permanenteng nakatira sa Ontario.

Paano Ako Mag-a-apply?

Pakitawagan ang tanggapan ng Charity sa **(905) 852-1799** at humiling ng form ng Kahilingan para sa Tulong. Maaaring kumpletuhin ang form ng magulang ng bata, manggagamot, therapist, social worker, guro o liaison ng komunidad.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Bisitahin ang website sa www.jenniferashleigh.org

President's Choice Children's Charity

Ano ang Pondo?

Nagbibigay ang President's Choice ng direktang tulong pinansyal sa pagbili ng kagamitan sa pagkilos, mga pagbabago sa paligid, physical therapy at higit pa para sa mga batang may pisikal na kapansanan o kapansanan sa paglaki. Ang layunin ay alisin ang ilan sa mga hadlang na nagpapahirap sa pang-araw-araw na pamumuhay at gawing mas madali para sa bata o pamilya na makaangkop sa kapansanan.

Sino ang Karapat-dapat?

Mga batang may pisikal na kapansanan o kapansanan sa paglaki na wala pang 18 taon. □ Pakitandaang batay sa kita ng sambahayan ang tulong pinansyal.

Paano Ako Mag-a-apply?

I-access ang aplikasyon online sa:

http://t4gimages.com/lcl/article_images/PCCC_Application_EN.pdf

Dapat kang magbigay ng kopya ng diagnosis sa kapansanan ng iyong anak ng may lisensyang manggagawang pangkalusugan.

Bilang bahagi ng aplikasyon, dapat kang magbigay ng dalawang quote (kung available) mula sa vendor/supplier sa halaga ng item kung saan humihiling ng mga pondo.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan para sa Higit pang Impormasyon?

Bisitahin ang website ng President's Choice sa

www.presidentschoice.ca

Tulong sa Mga Aplikasyon sa Pondo

www.respiteservices.com

Available ang Mga Access Facilitator na magbigay ng suporta sa pagbuo ng mga pagpipilian sa respite sa ngalan ng mga pamilya sa Toronto. Magbibigay ng panandaliang pakikipagtulungan upang malampasan ang mga hadlang sa respite. Kasama sa panandaliang pakikipagtulungang ito ang pagtulong sa mga pamilya sa mga form ng pondo, pakikipag-ugnayan sa mga ahensya sa ngalan ng mga pamilya at pagtulong upang makakonekta sa mga worker.

Upang maikonekta sa isang Access Facilitator, tumawag sa **416-322-6317** o punan ang isang form ng pagpaparehistro ng pamilya sa website.